Pangalan:______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:_________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Kahalagahan ng Pag-aaral ng mga Kontemporaryong Isyu**

**PANUTO:** Sagutin ang bawat tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod na pahayag ang hindi naglalarawan sa isang kontemporaryong isyu?
    a. Ito ay laging negatibo.
    b. Ito ay may temang napag-uusapan.
    c. Ito ay may malinaw na epekto sa lipunan.
    d. Ito ay mahalaga at makabuluhan sa lipunan.

2. Alin sa sumusunod ang hindi maituturing na kontemporaryong isyu?
    a. droga
    b. kolonyalismo
    c. korupsiyon
    d. terorismo

3. Bakit mahalaga ang pamamaraang estadistika sa pag-aaral at pagsusuri ng isang kontemporaryong isyu?
    a. dahil ito ay naglalahad ng hinuha tungkol sa isyu
    b. dahil ito ang nagsasabi sa kahihinatnan ng isang isyu
    c. dahil ito ay nagpapaliwanag ng pinagmulan ng isang isyu
    d. dahil ito ang nagpapakita ng mga aktuwal na datos tungkol sa isyu na magagamit na batayan sa pagsusuri

4. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng lipunan?
    a. Sa lipunan natatamo ng bawat isa ang kaniyang kaganapan.
    b. Ang lipunan ay samahan ng mga taong may iisang layunin at nag-uugnayan sa isa't isa.
    c. Nagkakaroon ng isang lipunan kapag ang kasapi nito ay nagbubuklod para sa isang mithiin.
    d. Ang mga indibidwal na naninirahan dito ay mayroong hangarin na paunlarin ang ekonomiya.

5. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng primaryang sanggunian?
    a. ulat ng pamahalaan
    b. aklat
    c. editoryal
    d. lathalain

6. Aling isyu ang nagaganap sa kasalukuyan at may malinaw na epekto sa lipunan?
    a. isyung pangkapaligiran
    b. kontemporaryong isyu
    c. isyung pangkalakalan
    d. isyung pangkalusugan

7. Sa anong isyu nabibilang ang samahang pandaigdigan na binubuo ng iba't ibang kinatawan mula sa pambansang organisasyon para sa pandaigdigang katahimikan at pagkakaisa?

a. isyung pangkalakalan

b. isyung pangkalusugan

c. isyung panlipunan

d. isyung pangkapaligiran

8. Alin sa sumusunod ang hindi kasanayan na dapat taglayin sa pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu?

a. pagtukoy sa katotohanan at opinyon

b. hindi paglalahad ng kabutihan at di-kabutihan ng isang bagay

c. pagkilala sa sanggunian

d. pagbuo ng opinyon at ugnayan

9. Ang isang isyu ay maaaring pag-aralan sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang bahagi nito, alin sa sumusunod ang kabilang dito?

I. uri
II. sanggunian
III. Kahalagahan
IV. epekto

a. I

b. II

c. I, II, III, at IV

d. II at III

10. Alin-alin sa sumusunod ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu?

I. nagiging mulat sa katotohanan
II. nahahasa ang kritikal na pag-iisip
III. napalalawak ang kaalaman
IV. napauunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa

a. I

b. I at II

c. I, II, at III

d. I, II, III, at IV